

1

“Pare, nasaan na ba iyong mga inarkila mo? Bakit ang tagal naman?” inip na tanong ni Phil.

“Easy ka lang. Parating na ang mga iyon,” sagot ni Dennis.

Stag party iyon ng kaibigan nilang si Jay. Kompleto na sila maliban kay Ralf na nag-text na mahuhuli raw ng dating. Pito silang magkakaibigan at magkakabarkada mula pa noong college.

“Si Ralf, anong oras ba darating ang kumag na iyon? Baka naman hintayin pa natin,” reklamo ni Andrew.

“Naku! Baka naharang na naman iyon ng isa sa mga babae niya. Malas lang niya kung mahuhuli siyang dumating. Hindi na natin siya hihintayin. Basta dumating ang mga girls, start na tayo,” excited na sagot ni Errol. “Si Jay nga pala?”

“Kasama ni Sid, bumili ng beer,” ani Dennis.

Tatlong katok ang narinig nila sa pinto bago iyon nabuksan.

“Guys,” sungaw ni Sid, “look who we’ve found.”

“Hello, boys!” chorus ng tatlong naggagandahang babae na kasabay dumating ng dalawang lalaki. Pulos revealing ang suot ng mga ito. Litaw ang mapuputing hita at halos lumuwa na ang mga dibdib.

Naghiyawan ang grupo. Nagsipaglapitan ang mga ito sa mga babae na hindi naman magkamayaw kung sino ang dapat i-entertain sa anim. They were all good-looking.

Lumapit si Jay sa component at nagsalang ng isang CD sa player. Umalingawngaw ang *Raining On Sunday* ni Keith Urban. Nagsimulang sumayaw ang tatlong babae.

Panay ang palitan ng makahulugang tingin ng anim na magkakaibigan habang pinapanood ang provocative na pagsasayaw ng mga mananayaw. Paminsan-minsan ay nakikisayaw ang mga ito, at sabihin pa'y nag-take advantage talaga. Kung saan-saan dumadapo sa mga katawan ng mga dalaga ang mga kamay ng mga ito.

Game na umayon ang mga babae. May pagkakataong ang mga ito pa ang nagbibigay ng motibo.

Enjoy na enjoy ang grupo sa salitang pagsasayaw at pag-inom ng beer. Sa paglipas ng bawat minuto ay nagiging wild na ang lahat.

“Guys, it’s time!” sigaw ni Errol.

Kani-kanyang puwesto ang mga ito sa long sofa. Ang iba ay humila na lang ng stool.

“What, meron pa?” natatawang tanong nito sa mga kaibigan.

“Relax ka lang, Loverboy. May special gift kami sa iyo,” anang babaeng nagpakilalang Susie. Lumabas ang tatlo at pagpasok ay

hila-hila ang isang life-size box na nilagyan ng malaking ribbon sa gitna.

Naghiyawan at nagkantyaw ang grupo.

Ramdam ni Madison ang pagkilos ng kahon na kinalalagyan niya. Napapikit siya sa tindi ng kabang nararamdaman.

Kung hindi lang talaga siya nagipit, nunca na pumayag siyang gawin ang ganito. Oo nga't nagtatrabaho siya sa isang bar bilang fire dancer, pero hindi pa niya nasubukan man lang ang mag-perform sa isang stag party na katulad nito.

Madilim ang loob ng box pero may maliit na butas naman na puwede niyang silipan. Napa-'oh my God!' siya nang makita ang magiging audience niya. They were good looking men who obviously had too much to drink. May pagka-wild na ang mga ito. She could even see one of them kissing Lydia sensually.

Narinig niyang kumatok sa kahon si Susie.

“Madi, ready ka na?” bulong nito. Sumagot siya ng oo.

Narinig niyang kinuha nito ang attention ng audience. Mayamaya pa'y tumahimik na ang mga ito.

Nag-dim ang ilaw.

This is it! Huminga muna siya nang malalim. Simula na iyon ng dance number niya.

Naramdaman niya kaagad ang lamig ng hanging nagmumula sa air-conditioning unit nang buksan ang box. Tahimik ang mga nanonood sa kanya. Lahat ay naghihintay ng sunod niyang gagawin. Isinalang ni Susie ang isang CD at pumailanlang ang isang mabagal na saxophone music.

Sinimulang igiling ni Madison ang baywang. Mabagal na animo'y nang-aakit. Unti-unti siyang humarap sa grupo. Tahimik pa rin ang mga ito kahit nang makita ang kanyang mukha.

Madison closed her eyes. Mabagal niyang iniikot ang ulo habang ang dalawang kamay ay nasa magkabilang gilid ng leeg. Habang patuloy sa pag-imbay ang kanyang balakang, unti-unti niyang pinaglandas ang dalawang kamay sa katawan, mula sa leeg niya patungo sa kanyang dibdib hanggang sa umabot sa kanyang puson. Namumungay ang mga matang tunitig siya sa mga lalaking kulang na lang ay malaglag na ang panga sa panonood sa kanya.

She was moving so slowly, dancing erotically in a skimpy underwear topped with an oversized, see-through t-shirt na umabot ang laylayan hanggang sa kanyang hita. Pinaghiwalay niya ang dalawang paa at dahan-dahang yumuko habang hindi inaalis ang tingin sa audience.

Napasinghap ang ilan, ang iba ay napalunok. Paano ay halos makita na ang dibdib niya sa kanyang ginawa.

Madison smiled sadly. Hindi ba't iyon naman ang binayaran

sa kanya? To dance provocatively in front of these men?

“Sorry guys, na-late a—”

Ang lahat ay napatingin sa nabuksang pinto kung saan nakatayo si Ralf at titig na titig sa pang-upo ni Madison na na-expose sa ginawa niyang pagtuwad.

Holy shit! Halos lumuwa ang mga mata ni Ralf sa nakita.

Bigla namang tumuwid ang dalaga at napalingon sa bagong dating. Naestatwa ang lalaki sa kinatatayuan nang magtama ang kanilang mga mata. Hindi lang pala butt nito ang maganda. Mas lalong maganda ang mukha nito.

She had the face of an angel! Natural ang pagkakaarko ng mga kilay nito, matangos ang maliit na ilong na bumagay sa oval-shaped nitong mukha, sensual na mga labing likas din ang pagkapula. She had eyes that could drown any man. Pero may isa pa siyang nakita sa mga mata nito, a flicker of extreme dislike. Kaagad itong nagbaba ng paningin and from the dim light he could see her blush.

“Anak ng tokwa, Pare! Istorbo ka talaga kahit kailan!” reklamo ni Sid na kaagad siyang nilapitan.

Tumabi ang babaeng nagsasayaw nang hilahin siya ng kaibigan papasok. Pilit niyang hinuhuli ang mga mata nito.

“Bakit kasi nag-umpisa na kayo ng happening nang wala ako?”

“Alas nueve ang usapan. You’re an hour late,” sabi ni Phil na inabutan siya ng isang bote ng beer. “Saan ka ba kasi galing?”

He grinned wickedly. “Diyan lang.”

Kinantyawon siya ng mga kaibigan. Mula sa gilid ng kanyang mata ay nakita niyang umirap ang dalaga. Umupo siya sa mahabang sofa katabi ang ilang kaibigan.

“Mukhang marami na akong na-miss, ah. P’wede bang ulitin mula umpisa?”

“Ulol!” sagot ni Errol. Sinabihan nito si Susie na ituloy na ang naudlot na pagsasayaw ng babaeng nadatnan niya kanina. Sinenyasan nito ang dalaga na muling pumagitna. At nang umalingawngaw ulit ang mabagal na tugtog ay muli itong gumiling.

Habang pinapanood ang babae, hindi mapigilan ni Ralf ang sunud-sunod na pagtungga ng beer. Damn! But she was super hot! At nag-iinit ang kanyang katawan.

Parang bote ng *Coca Cola* ang figure nito na binagayan pa ng flat abdomen and breasts just big enough for his hands. At lalong nagmukhang perfect ang katawan nito dahil sa rounded butt na kanina lang ay nasilip niya, plus, the natural tan of her skin na hindi produkto ng alinmang aesthetic treatment.

She was rolling her hips slowly. At nang bigla itong mag-split ay muntik na niyang maibuga ang iniinom na beer. Isang tipid ngunit mapang-akit na ngiti ang ipinakita nito. Humiga ito sa sahog, spread her legs with knees bended and lifted her lower body seductively hanggang sa muli nitong maibangon ang sarili.

Bigla siyang tumayo, lumapit sa mesa at inilapag ang empty beer bottle.

“Luma na iyang routine mo, wala ka bang alam na bago?”

Napatingin sa kanya ang buong tropa na para siyang tinubuan ng isa pang ulo. Nakita niyang naningkit ang mga mata ng dalaga. Bakas din ang pagkayamot sa mukha nito.

“Ralf, she’s doing fine,” saway ni Jay. He snorted.

“Oh, come on! This is supposed to be a wild party! Ilang araw na lang at ikakasal ka na, kaya’t kailangang i-enjoy mo na ang huling mga araw ng pagkabinata mo. Kung ganito lang ang panonoorin natin, sana nagpunta na lang tayo ng bar,” paliwanag niya.

Halos mag-isang guhit na ang mga mata ng dalaga. Kahit dim ang ilaw ay halata niyang pulang-pula ang mukha nito pati na ang leeg. He couldn’t help himself! Gusto niyang makita kung hanggang saan ang kaya nito. Though wala na itong puwedeng gawin pa para pag-initin siya. He was already burning inside!

Sinalubong niya ang matatalim nitong mata. He made sure

that she saw the challenge in his eyes.

Kung hindi lang talaga sa perang kikitain niya, bibigyan na niya ng isang left hook ang mayabang na bagong dating, just so she could wipe the smirk off his handsome face.

Kung sabagay, may karapatan itong magmayabang. Sa pito kasi ay ito ang masasabi niyang pinakamalakas ang sex appeal. Matangkad ito, must be around 6'2". May kahabaan ang wavy na buhok; abuhin ang kulay ng mga mata; matangos ang ilong at makapal ang mga labi, the kind na masarap halikan; may pinong bigote at day-old stubbles; may tattoo sa underside ng kanang braso, malapad ang mga balik, pulos hard muscles sa katawan. He had laugh lines around his eyes and that playboy smile. No doubt, kabilang ito sa tipong hindig-hindi niya gugustuhing lapitan kahit kailan. Men like him spell trouble and heartache.

“Ano, Miss? Magpakita ka naman ng bago.”

Sumulyap siya kay Susie na nakatingin din sa kanya. She had an apologetic smile as she shrugged her shoulders.

Very well! aniya sa sarili. Wala naman siyang choice. Kung papalag siya ay baka hindi pa siya bayaran. Might as well give them a show that they would never forget, especially that conceited beast na sinasagad talaga ang pasensya niya.

Hinila niya ang isang high-back chair at inilagay sa gitna.

Lumapit siya sa mga lalaking nakaupo sa sofa. Hinila niya patayo ang mestisuhing lalaki na clean cut ang tabas ng buhok. Iniupo niya ito sa silya.

Muling pinatugtog ni Susie ang CD player.

Hinawakan ni Madison ang mukha ng lalaking nakaupo at tinitigan ito. She smiled seductively at him and without breaking the eye contact, started to grind her hips. Umupo siya sa hita nito, with only a few inches distance from her breast to his chest.

Itinaas niya ang dalawang kamay nito at inilagay sa tagiliran niya, just below her breasts. She guided his hands down her side then up again the front. Hinayaan niyang madampian nito ang kanyang dibdib. It was part of her show. Iniliyad niya ang katawan, ibinagsak ang ulo sa likod at ipinikit ang mga mata. She did a belly roll while in that position and Jay's hands were on her neck.

Pagkatapos ay bigla siyang tumayo at humakbang paatras. Hinubad niya ang oversized shirt na suot. Nanlaki ang mga mata ni Jay at sunud-sunod na lunok ang ginawa nito. Maging ang ibang mga lalaki ay malakas na napasinghap; gusto niya tuloy matawa. Nang minsang sulyapan niya ang aroganteng lalaki ay madilim na madilim ang mukha nitong nakatitig sa kanya. Umangat ang isang sulok ng kanyang bibig.

Muli siyang lumapit kay Jay. Tumalikod siya rito, nakapagitna ang mga hita nito sa magkahiwalay niyang legs. She slightly

leaned forward. Sa ginawa ay tumapat ang butt niya malapit sa dibdib nito. She wiggled her bottom slowly at panaka-nakang kumikiskis sa matipunong dibdib ng binata.

She couldn't believe she was enjoying this! Lalo na ang pagsimangot ng lalaking natahimik na sa isang tabi.

Ayan, naghahanap ka ng bago. Ano ngayon ang masasabi mo? tila gustong sabihin ng kanyang mga mata nang titigan niya ito. Sinalubong niya ang seryoso nitong mga mata at hindi nakaligtas sa kanya ang pagtatagis ng mga bagang nito. At ang paraan ng matinding pagkakahawak nito sa bote ng beer na kung pino lang ang pagkakangawa ay baka kanina pa nagkadurug-durog.

Lalo siyang ginanahan sa pagsayaw nang mamalas ang iritado nitong anyo.

Muli siyang humarap kay Jay. Once again she sat on his lap, caressed his face before giving him a kiss by circling her tongue in his earlobe.

*What the f*ck!* Inisang tungga lang ni Ralf ang natitirang laman ng hawak na bote. Kanina lang ay malamig na malamig ang laman niyon, pero ngayon ay maligamgam na. Must be the heat radiating from his body. Nang mga sandaling iyon ay gustong-gusto na niyang pumasok sa shower at magbabad sa nagyeyelong tubig.

My Private Dancer - Doreen Laroya

Ang suwerte naman ni Jay... aniya sa sarili. At pagkatapos ay nagmura.

Hindi niya maintindihan ang sarili. Hindi niya kilala ang babae. Malayo ito sa mga dalagang nakarelasyon na niya. She was an exotic dancer and probably a GRO too na ang ultimong trabaho ay ang magpaligaya ng mga lalaking tulad niya. And she was good considering the way she moved and looked at his friend.

Hindi siya kailanman na-attract sa isang babaeng mababa ang lipad. Maraming matitinong babae na puwede niyang pagpilian. Ngunit bakit nang mga oras na iyon ay gusto niyang hilahin ang dalaga at dalhin sa isang pribadong silid at angkinin?

At bakit masyado yata siyang naiirita na nakikita ng mga kaibigan niya ang magandang katawan nito? Kailan pa siya naging possessive sa isang babae, at sa isang katulad pa nito?

Suddenly, the confusion was too much na lalong nadagdagan ang init ng ulo niya. Walang nakapansin nang hugutin niya ang power cord ng CD player. The music stopped just as Jay's hands were about to caress the girl's creamy thighs.